CERTIFIED XEROX COPY FROM ORIGINAL

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

Republika ng Pilipinas
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

KAPASIYAHAN BILANG 3
TAON 1988

HINIHILING ANG PAGPAPATIBAY NG METRO MANILA COMMISSION SA KAPASIYAHAN BILANG 3 TAON 1988 NA PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NUONG PANG-ANIM NA PANGKARANIWANG PULONG NA GINANAP NOONG LUNES, MARSO 14 HINGGIL SA PAGBABAYAD NG ISANG ILAW TRAPIKO NA IKINABIT SA BARANGAY BAYANAN MAIN, BAYAN NG MUNTINLUPA SA HALAGANG ISANG DAAN AT ISANG LIBO PITONG DAAN AT DALAWAMPU'T LIMANG PISO(₱101,725).

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, ang ilaw trapiko ay isang kasangkapan para sa kaligtasan ng mga motorista at pati na rin ang mga tumatawid sa kalsada;

SAPAGKAT, ang nasabing ilaw trapiko ay kauna-unahang gawa dito sa Pilipinas ng isang Pilipino na binuo dito sa pamamagitan ng mga lokal na materyales;

SAPAGKAT, ang bayan ng Muntinlupa ay siyang kauna-unahang binigyan ng pagkakataon sa buong bansa upang gamitin ang nasabing ilaw trapiko;

SAPAGKAT, ang halaga ng nasabing lokal na gawa na ilaw trapiko ay mas mura kaysa mga ilaw trapiko na gawa sa ibang bansa;

SAPAGKAT, ang pagkakabit ng nasabing ilaw trapiko ay isang magandang halimbawa upang ang mga ibang lungsod at bayan dito sa Kalakhang Maynila at pati na rin sa buong bansa ay tumangkilik sa mga produktong gawa ng mga Pilipino;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ay naglaan ng halagang isang daan at isang libo pitong daan at dalawampu't limang piso (₱101,725) na manggagaling sa kaban ng bayan upang mabayaran na ang nasabing ilaw trapiko at hinihiling ang pagpapatibay nito sa Metro Manila Commission.

PINAGTIBAY NG NAKARARAMI :

Atty. IGNACIO R. BUNYE
Phunong Bayan/Pangulong Opisyal

Atty. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang.
Pangulong Opisyal

Republika ng Pilipinas
PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

Page 2

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NOLASCO DIAZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO ESPELETA
Konsehal

KGG. RUFINO JOAQUIN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO MARTINEZ
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

SINASANG-AYUNAN :

ELFREN C. CRUZ
Pansamantalang Governador
ng Kalakhang Maynila

RRC:vts